## ARALIN 1. ABSOLUTE NA LOKASYON GAMIT ANG MAPA


**I. Layunin:**

1. Nailalarawan ang lokasyon ng Pilipinas sa mapa.
   1.1 Natutukoy ang kinalalagyan ng Pilipinas sa mundo gamit ang mapa batay sa "absolute location" nito (longhitude at latitude)
   1.2 Natutukoy ang relatibong lokasyon (relative location) ng Pilipinas batay sa karatig bansa na nakapaligid ditto gamit ang pangunahin at pangalawang direksyon.

**II. Paksang Aralin:**

a. Paksa: Absolute na lokasyon gamit ang mapa
   1.1 Prime meridian, International Date Line, Equator, North and South Poles, Tropics of Cancer and Capricorn at Arctic and Antarctic Circles
   1.2 Likhang guhit
b. Kagamitan: mapa ng mundo, globo, laptop, projector
c. Sanggunian: Learner's Materials,pp. __ Kto 12- AP5PLP-Ia-1
   Makabayan: Kapaligirang Pilipino IV,pp. 9-17

**III. Pamamaraan:**




A.Panimula:

1. Ipakita ang ilustrasyon sa mga bata.
   Kung titingnan ang mapa, mapapansin na may mga guhit ito.Sadyang inilagay ang mga guhit na ito upang higit na mauunawaan ang mundo na siya kinakatawan nito. Ang mga guhit na ito ay pawang mga kathang-isip lamang. Hindi makikita ang mga guhit na ito sa mundo.

2. Pangkatin ang mga mag-aaral sa apat.
   Pasagutan ang worksheet na naglalaman ng sumusunod na katanungan:
   a. Ito ay isang lapat na representasyon ng mundo.
   b. Ano-ano ang makikita sa mapa?
   c. Ano-ano kaya ang mga guhit na makikita sa mapa?
   d. Bakit mahalagang malaman ang mga guhit na makikita sa mapa?
3. Isulat sa pisara ang sagot ng mga mag-aaral.
   Mga maaaring sagot….
   a. mapa
   b. Mga linya o guhit, mga bansa laki at lawak, karagatan
   c. Patayong guhit, pahalang na guhit, gitnang guhit
   d. Maaaring makatulong ang mga guhit upang malaman kung nasaan ang isang lugar.
      Upang matukoy ang eksaktong kinalalagyan ng bawat lugar sa mundo.

4. Iugnay ang mga sagot sa aralin.
   Ang mapa ay isang lapad na larawan ng mundo o anumang bahagi nito ,mayroon itong mga likhang guhit  (imaginary lines) . Iyan ang pag-aaralan natin ngayon.

B. Paglinang
1. Ilahad ang aralin sa pagpapasagot sa mga tanong sa Alamin Mo, LM , pahina __.
2. Pakinggan ang mga sagot ng mag-aaral. Tanggapin ang lahat ng kanilang sagot.
3. Ipabasa ang tekstong naglalahad ng pagtalakay sa ang Ekwador at mga Polo.
4. Ipasagot ang mga tanong tungkol sa binasang teksto sa LM,pp.___.

C. Gawain

Ipagawa ang mga sumusunod:

Gawain A
- Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng Gawain A sa LM, sa pahina ____.
- Ipasulat ang kanilang mga sagot sa notbuk.

Gawain B

- Hahatiin ang klase sa apat na pangkat.
- Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng Gawain B sa LM, p.__.

Gawain C

- Gamitin ang kaparehong pangkat sa Gawain B.
- Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng Gawain C sa LM, pahina __.
- Pag-usapan kung ang kanilang sagot ay ayos na bago iulat sa klase.
- Pag-uulat ng bawat pangkat.

5. Bigyang-diin ang kaisipan sa Tandaan Mo sa LM, p.__ at tatalakayin ang sagot.

**IV. Pagtataya:**
Pasagutan sa mga bata ang bahaging Natutuhan Kos a LM, p.__.

**V. Takdang Gawain**
Magdala ng mapa ng Asya at ng mundo na nagpapakita ng kinalalagyan ng Pilipinas.

## VI. Pangwakas na Gawain

1. Pangkatin ang mga mag-aaral sa apat.
2. Bigyan ng task card na naglalaman ng sumusunod: Gamit ang mapa ng Asya at ruler na nakabatay sa iskalang 1 cm = 5 000 km, ibigay ang mga lugar na tinutukoy sa sukat na distansiya sa iskala.
   a. Anong lugar ang nasa 50, 000 kilometrong layo sa kanluran ng Pilipinas?
   b. Anong lugar ang nasa 20 000 kilometrong layo sa hilaga ng Pilipinas?
   c. Anong lugar ang nasa 60 000 kilometrong layo sa silangan ng Pilipinas?
   d. Anong lugar ang nasa 10 000 kilometrong layo sa timog ng Pilipinas?
   e. Magbigay ng mga bansang matatagpuan sa:
      a. Hilagang Silangan
      b. Hilagang Kanluran
      c. Timog silangan
      d. Timog Kanluran

## ARALIN 2. RELATIBONG LOKASYON

**I. Layunin:**

Nailalarawan ang klima ng Pilipinas bilang isang bansang tropical ayon sa lokasyonnito sa mundo..

2.1 Natutukoy ang mga salik na may kinalaman sa klima ng bansa tulad ng temperature, dami ng ulan, humidity.

2.2 Naipaliliwanag ang pagkakaiba ng panahon at klima sa iba't ibang bahagi ng mundo.

**II. Paksang Aralin:**

a..Paksa: Relatibong Lokasyon

b. Kagamitan: mapang pangklima, globo, thermometer


c. Sanggunian: Learner's Material, pp. __. K to 12 AP5PLP-Ib-c-2
Makabayan: Kapaligirang Pilipino IV,pp. 20-21

**III. Pamamaraan:**

A. Panimula:

1. Pagbalik-aralan ang nakaraang aralin tungkol sa Absolute na lokasyon gamit ang mapa.
   a. Ano ang ibig sabihin ng mapa?
   b. Bakit mahalagang malaman ang mga guhit na makikita sa mapa?
   c. Gamit ang mapa o globo, ipaturo sa mga bata ang mga likhang guhit:
      a. Prime meridian
      b. International Date Line
      c. Ekwador
      d. North and South Poles
      e. Artic Circles
      f. Antarctic Circles
2. Pangkatang Gawain: Maghanda ng apat na thermometer na ipagagamit sa bawat pangkat. Pangkatin sa apat ang klase at ipakuha ang temperatura sa silid-aralan, sa isang silid na may aircon, sa labas ng silid-aralan, at sa bagong kulong tubig. Ipaliwanag sa mga bata ang wastong paggamit ng thermometer at ang pagsulat ng temperature nito. Ipalahad sa klase ang ginawa ng bawat pangkat.
   Itanong:
   a. Ano ang temperature ng silid aralan? Ng silid na may aircon? Sa labas ng silid-aralan? Sa bagong kulong tubig?
   b. Mataas ba ito o mababa?
   c. Ano ang nadarama kapag mataas ang temperatura?
   d. Ano ang nadarama kapag mababa ang temperatura?
3. Magpabalita sa harapan ng klase tungkol sa klima ng bansa. Iugnay ang mga kasagutan ng bata sa aralin.

B. Paglinang
1. Itanong sa mga bata kung ano sa palagay nila ang iba pang salik na may kinalaman sa klima ng bansa . Tanggapin ang lahat ng sagot. Isulat sa pisara. Gamitin ang tanong sa simula ng bahaging Alamin Mo sa LM sa LM sa pahina ___.
2. Talakayin at pag-usapan ang mga salik na may kinalaman sa klima ng bansa sa pamamagitan ng *Bubble map.*
   a. Temperatura
   b. Dami ng ulan
   c. Humidity




3. Ipakita sa mga bata ang malaking mapang pangklima ng Pilipinas. Talakayin ang mga panandang ginamit sa mapa.
4. Talakayin ang mga babala ng bagyo sa pahina ---- ng LM.
5. Ipaliwanag sa mga bata ang panuto sa bawat Gawain sa baghaging Gawin Mo ng LM,pp.___.
6. Bigyang diin ang mga kaisipang natutuhan sa aralin. Ipabasa sa mga bata ang bahaging Tandaan Mo sa pp__ upang mapagtibay ang mga kaisipang dapat nilang malaman.

C. Gawain
Ipaliwanag ang panuto sa pagsasagawa ng bawat Gawain.

Gawain A
- Bumuo ng apat na pangkat.
- Ipaliwanag ang mga pamamaraan sa paggawa ng Gawain A sa LM, pahina __.
- Bigyan ng sapat na panahon ang bawat pangkat upang magawa nang maayos ang Gawain.

- Pasagutan ang mga tanong.
- Ipaulat sa mga mag-aaral ang natapos na gawa ng kanilang pangkat.

Gawain B

- Gamitin ang parehong pangkat sa naunang gawain.
- Ipaliwanag na sasagutin ang Gawain B pahina __ng LM.

Gawain C

- Gamitin ang kaparehong pangkat sa Gawain B.
- Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng Gawain C sa LM, pahina __.
- Pag-usapan kung ang kanilang sagot ay ayos na bago iulat sa klase.
- Pag-uulat ng bawat pangkat.

7. Bigyang-diin ang kaisipan sa Tandaan Mo sa LM, p.__ at tatalakayin ang sagot.

**IV. Pagtataya:**

Pasagutan sa mga bata ang bahaging Natutuhan Kos a LM, p.__.

**V. Takdang Gawain**

Iugnay ang uri ng klima at panahon ng bansa ayon sa lokasyon nito sa mundo. Ipaliwanag ang katangian ng Pilipinas bilang bansang archipelago.

## ARALIN 3: KLIMA AT PANAHON

**I. Layunin**

Naiuugnay ang uri ng klima at panahon ayon sa lokasyon nito sa mundo.
Naipaliliwanag ang katangian ng Pilipinas bilang bansang archipelago.

**II. Paksang Aralin**

a. Paksa : Klima at Panahon
b. Kagamitan: mapa ng mundo,mapa na pangklima ng Pilipinas, cartolina strips, show me board, chalk, globo
c. Sanggunian: Learner's Material IV pp.  K to 12 AP5PLP-Ib-c-2-3
   Makabayan: Kapaligirang Pilipino IV,pp. 45-48

**III. Pamamaraan:**

A. Panimula
   1. Pangkatang Gawain: Hahatiin ang mga mag-aaral sa apat na grupo. Bawat grupo ay bibigyan ng show me board at ilalagay ang kanilang mga  sagot. Itanong sa mga mag-aaral.

   a. Anong klima mayroon ang bansang Pilipinas?
   b. Ano-ano ang dalawang panahon ng Pilipinas?
   c. Ito ay tumutukoy sa lamig at init ng isang bansa o lugar.
   d. Lugar sa Pilipinas na tinaguriang the summer capital ng Pilipinas.
   e. Ano-ano ang mga lugar sa Pilipinas ang may mataas na temperatura.
   2. Magdaos ng ilang minutong pagbabalitaan hinggil sa lagay ng pnahon.
   3. Bilang pagganyak sa pagsisimula ng aralin, pasagutan sa mga bata ang sumusunod na mga tanong gamit ang globo.
      a. Ituro sa globo ang mga bansa na may pinakamalamig na temperatura.
      b. Ituro sa globo ang mga bansa na may mainit o klimang tropikal .
      c. Ituro sa globo ang mga bansa na may katamtamang klima.

      Tanggapin lahat ng kasagutan ng mga bata at ipasulat ito sa pisara. Sabihing babalikan ito pagkatapos ng pagtatalakay sa aralin upang mapagtibay ang kawastuhan ng kanilang mga sagot.

B. Paglinang
   1. Itanong sa mga bata kung bakit ang Pilipinas ay may klimang tropical. Ipalarawan ang bansa bilang bansang archipelago.
   2. Ipaskil ang mapa ng mundo sa pisara. Ipasuri sa mga bata ang kinalalagyan o lokasyon nito sa mundo.
   3. Talakayin at pag-usapan ang nilalaman ng bahaging **Alamin Mo,** sa pahina, ng LM. Bigyang-diin sa pagtatalakay sa aralin ang uri ng klima at panahon ng Pilipinas. Pag-usapan din ang katangian ng Pilipinas bilang bansang archipelago.
   4. Bilang pagpapahalaga sa kapaligiran, kunin ang kanilang mga mungkahi sa pagpapanatili at pangangalaga sa mga kalikasan ng bansa.

Gawain C

Ipaliwanag ang panuto sa pagsasagawa ng bawat Gawain.

Gawain A

- Bumuo ng apat na pangkat.
- Ipaliwanag ang mga pamamaraan sa paggawa ng Gawain A sa LM, pahina __.
- Bigyan ng sapat na panahon ang bawat pangkat upang magawa nang maayos ang Gawain.

Gawain B

- Gamitin ang parehong pangkat sa naunang gawain.
- Ipaliwanag na sasagutin ang Gawain B pahina __ng LM.

Gawain C

- Gamitin ang kaparehong pangkat sa Gawain B.
- Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng Gawain C sa LM, pahina __.
- Pag-usapan kung ang kanilang sagot ay ayos na bago iulat sa klase.
- Pag-uulat ng bawat pangkat.

5. Bigyang-diin ang kaisipan sa Tandaan Mo sa LM, p.__ at tatalakayin ang sagot.

**IV. Pagtataya:**

Pasagutan sa mga bata ang bahaging Natutuhan Kos a LM, p.__.

**V. Takdang Gawain**

Magsaliksik ng mga kwento ukol sa pinagmulan at teorya sa pagkakabuo ng Pilipinas.

IKALAWANG MARKAHAN

ARALIN 9. UGNAYAN NG SIMBAHAN AT PAMAHALAANG KOLONYAL

I. Layunin

Nakapagbibigay ng sariling pananaw tungkol sa naging epekto sa lipunan ng pamamahala ng mga prayle.

II. Paksang Aralin

a. Paksa: Ugnayan ng Simbahan at Pamahalaang Kolonyal
b. Kagamitan: manila paper, tarpapel
c. Sanggunian: Learner's Material IV pp. K to 12 AP5PKE-Iii-9
   Makabayan: Kasaysayang Pilipino,pp. 45-48

III. Pamamaraan

A. Panimula
   1. Magkaroon ng balitaan na may kaugnayan sa paksang tatalakayin.
   2. Balik-aral: Ano-ano ang naging reaksyon ng mga Pilipino sa pamamahala ng mga prayle?

B. Paglinang
   1. Ilahad ang aralin sa **Alamin Mo**, LM pahina ___
   2. Itanong :
      Paano nagkaroon ng mga pagbabago sa pangkat-panlipunan, pananampalataya, panahanan, impluwensyang panrelihiyon at edukasyon ang lipunang Pilipino noong panahon ng mga Espanyol?
   3. Talakayin ang aralin

C. Gawain

   Gawain A
   - Pangkatin ang klase sa apat
   - Ipakopya ang graphic organizer sa manila paper.
   - Papunuan ito.
   - Ipalahad sa klase.

   Gawain B

   - Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng Gawain B, LM pahina __.
   - Bigyan ng sapat na panahon ang mga bata upang magawa ng maayos ang gawain.
   - Pagtawag sa ilang piling mga bata upang ipaliwanag ang kanilang ginawa.

   Gawain C

- Ipagawa ang gawain C sa LM, pahina ___.
- Tumawag ng ilang bata at ipalahad ang kanilang ginawa.

Gawain D

- Ipaliwanag ang pamamaraan sa paggawa ng Gawain D, sa LM, pahina __.
- Bigyan ng sapat na panahon ang mga bata sa pagsagot.
- Ipasulat ang sagot sa notbuk.

4. Bigyang-diin ang mga kaisipan sa Tandaan Mo, sa LM pahina __.

IV. Pagtataya

Pasagutan ang Natutuhan Kos a LM, pahina ___.

V. Takdang Gawain

Sumulat ng isang sanaysaybatay sa iyong sariling pananaw tungkol sa naging epekto sa lipunan ng pamamahala ng mga prayle.

ARALIN 1

# ABSOLUTE NA LOKASYON GAMIT ANG MAPA

## PANIMULA

Ang mundo ay binubuo ng maraming bansa. Ang Pilipinas ay kabilang sa maraming bansang bumubuo sa mundo.

Ang araling ito ay naglalahad ng mahahalagang impormasyon tungkol sa Pilipinas. Ang kaalamang ito ay nagsisilbing binhi na unti-unting sisibol upang maunawaan ang mga pangyayari sa pisikal na kapaligiran ng Pilipinas at ang kaugnayan ng mga ito sa pamumuhay ng mga Pilipino.

Kung titingnan an g globo at ang mapa, mapapansin na may mga guhit ito. Sadyang inilagay ang mga guhit upang higit na maunawaan ang mundo na siyang kinakatawan nito.

Ang mga guhit na ito ay pawang mga kathang-isip lamang. Hindi makikita ang mga guhit na ito sa mundo.

Sa araling ito, inaasahang:

1. Mailalarawan ang lokasyon ng Pilipinas sa mapa.
2. Matutukoy ang kinalalagyan ng Pilipinas sa mundo gamit ang mapa batay sa "absolute location" nito (longhitude at latitude)
3. Matutukoy ang relatibong lokasyon (relative location) ng Pilipinas batay sa karatig bansa na nakapaligid dito gamit ang pangunahin at pangalawang direksyon.

ALAMIN NATIN



Ano ang ibig sabihin ng mapa?

Ano-ano ang makikita sa mapa?

Ano-ano kaya ang mga guhit na makikita sa mapa?

Bakit mahalagang malaman ang mga guhit na makikita sa mapa?

**ANG GLOBO AT ANG MAPA**

Kung titingnan ang globo at ang mapa, mapapansin na may mga guhit ito.Sadyang inilagay ang mga guhit na ito upang higit na maunawaan ang mundo na siyang kinakatawan nito.

Ang mga guhit na ito ay pawing mga kathang-isip lamang. Hindi makikita ang mga guhit na ito sa mundo.

**MGA GUHIT LATITUD**

May mga guhit na pahalang na makikita sag lobo at sa mapa. Ito ang tinatawag na guhit latitude. Ang guhit latitud ay tinatawag ding *parallels.* Ang mga guhit latitud ay mga guhit na pumapalibot nang pahalang sag globo. Mapupunang ang pinakamalaking bilog ay nasa gitna ng globo at lumiliit ang bilog habang papalayo sa gitna. Nasa Polong Hilaga at Polong Timog ang pinakamaliliit na bilog.

**EKWADOR**

Nakikita mo ba ang guhit na tila humahati sag globo? Ito ang Ekwador. Pabilog na guhit ito sa pinakagitnang bahagi ng globo. Hinahati nito ang globo sa dalawang hatingglobo. Ang Hilagang Hatingglobo at Hatingglobo.

Ang mga guhit latitud na nasa hilaga ng Ekwador ay tinatawag na *hilagang latitud*. *Timog latitud* naman ang guhit latitude na nasa timog ng Ekwador.

Ang latitud ay ang sukat ng layo ng isang lugar o pook mula sa Ekwador. Ang layong ito ay sinusukat sa digri (°). Digri ang ginagamit na panukat dahil pabilog ang globo.

**PRIME MERIDIAN**

Ang guhit na patayo na may bilang na zero digri (°) ay tinatawag na Prime Meridian. Ito ang nag-uugnay sa dalawang polo (Hilaga at Timog) at naglalagos sa Greenwich, England.

Sa *Prime Meridian* ay naghahati sag lobo sa Silangan at Kanlurang Hatingglobo. Ang nagsasaklaw sa gawing kanan ng Prime Meridian hanggang sa *International Dateline* ay ang Silangang Hatingglobo. Sa kabilang panig naman, sa kaliwa ng Prime Meridian hanggang sa International Date Line, ang Kanlurang Hatingglobo.

**INTERNATIONAL DATE LINE**

Matatgpuan ang International Date Line o IDL sa kabilang bahgi ng globo, katapat ng Prime Meridian. Tulad ng Prime Meridian, ito rin ay nag-uugnay sa dalawang polo. Ang International Date Line ay batayan sa pagkakaiba ng araw o petsa sa magkabilang panig ng mundo.

Dapat tandaan na ang Ekwador, Prime Meridian, International Date Lineat iba pang mga guhit na nasa globo at mapa ay hindi mga tunay na guhit. Ang mga ito ay likhang-isip lamang. Inilagay ang mga ito upang maayos na magamit ang mapa at globo.

**TROPIC of CANCER**

Tropic of Cancer oTropiko ng kanser ang guhit sa 23 ½ °hilaga ng Ekwador. Ang guhit sa 23 ½ timog ng Ekwador ay tinatawag na Tropic of Capricorn o Tropiko ng Kaprikornyo. Ang nagsasaklaw sa pagitan ng dalawang espesyal na mga guhit na ito ay tinatawag na mababang latitud o rehiyong tropical.

Ang espesyal na guhit sa 66 ½ ° hilaga ng Ekwador ay tinatawag na *Arctic Circle o Kabilugang Arktiko*. Ang rehiyon sa pagitan ng Tropiko ng Kanser at Kabilugang Arktiko ay tinatawag na gitnang latitud o rehiyong katamtaman ang lamig sa hilaga.

Ang espesyal na guhit sa 66 ½ timog ng ekwador ay tinatawag na Antarctic Circle o Kabilugang Antarktiko at Tropiko ng Kaprikornyo ay ang gitnang latitud o rehiyong katamtaman ang lamig sa timog.

Ang pook na nasasakop mula sa Kabilugang Arktiko hanggang polong hilaga at mula sa Kabilugang Antarktiko hanggag timog polo ay tinatawag na rehiyong polar o mataas na latitud. Malamig ang klima rito. Ang paligid ay nababalot ng yelo sa buong taon.

Sagutin:

1. Ito ay isang lapat na representasyon ng mundo.
2. Ano-ano ang makikita sa mapa?
3. Ano-ano kaya ang mga guhit na makikita sa mapa?
4. Bakit mahalagang malaman ang mga guhit na makikita sa mapa?